# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 47*
# *Pagtagumpayan ang Damdamin Yugto 3*

***"Ilagak ninyo ang inyong pagiisip sa mga bagay na nangasa itaas, huwag sa mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa." (Colosas 3:2 KJV)***

Ipagpapatuloy natin sa mensaheng ito upang salitain ang tungkol sa damdamin, ang mga epekto nito sa atin, at kung paano mapagtagumpayan ang mga ito sa ating buhay. Nabanggit natin sa nakaraang mensahe ang tungkol sa epekto ng damdamin sa buhay ni Abraham at Jacob at kay Haring David. Ipagpapatuloy natin sa mensaheng ito at tatalakayin natin ang iba pang Banal na Kasulatan.

***4. Noemi at Ruth:"8 At sinabi ni Noemi sa kaniyang dalawang manugang, Kayo'y yumaon, na bumalik ang bawa't isa sa inyo sa bahay ng kaniyang ina: gawan nawa kayo ng magaling ng Panginoon, na gaya ng inyong ginawa sa mga namatay at sa akin. 9 Ipagkaloob nawa ng Panginoon na kayo'y makasumpong ng kapahingahan, bawa't isa sa inyo sa bahay ng kaniyang asawa. Nang magkagayo'y kaniyang hinagkan sila; at inilakas nila ang kanilang tinig at nagsiiyak. 10 At sinabi nila sa kaniya, Hindi, kundi kami ay babalik na kasama mo sa iyong bayan. 11 At sinabi ni Noemi, Kayo'y magsibalik, mga anak ko: bakit kayo'y yayaong kasama ko? may mga anak pa ba ako sa aking tiyan, na magiging inyong mga asawa? 12 Kayo'y magsibalik, mga anak ko, magpatuloy kayo ng inyong lakad; sapagka't ako'y totoong matanda na upang magkaroon pa ng asawa. Kung aking sabihin, Ako'y may pagasa, kung ako'y magkaasawa man ngayong gabi, at ako'y magkakaanak man; 13 Maghihintay kaya kayo hanggang sa sila'y lumaki? magbabawa kaya kayo na magkaasawa? huwag, mga anak ko: sapagka't daramdamin kong mainam dahil sa inyo, sapagka't ang kamay ng Panginoon ay nanaw laban sa akin. 14 At inilakas nila ang kanilang tinig at nagsiiyak uli; at hinagkan ni Orpha ang kaniyang biyanan; nguni't si Ruth ay yumakap sa kaniya. 15 At sinabi niya, Narito, ang iyong hipag ay bumalik na sa kaniyang bayan, at sa kaniyang dios; bumalik kang sumunod sa iyong hipag. 16 At sinabi ni Ruth, Huwag mong ipamanhik na kita'y iwan, at bumalik na humiwalay sa iyo; sapagka't kung saan ka pumaroon, ay paroroon ako: at kung saan ka tumigil, ay titigil ako: ang iyong bayan ay magiging aking bayan, at ang iyong Dios ay aking Dios: 17 Kung saan ka mamatay, ay mamamatay ako, at doon ako ililibing; hatulan ako ng Panginoon at lalo na, maliban ang kamatayan ang maghiwalay sa iyo at sa akin. 18 At nang makita ni Noemi na mapilit ng pagsama sa kaniya, ay tumigil ng pagsasalita sa kaniya." (Ruth 1-18 KJV)***

Si Noemi ay hindi kumilos sa kanyang damdamin upang panatilihin ang kanyang dalawang manugang na babae; pareho silang nais sumama sa kanya, ngunit nais niyang salain kung sino ang tunay at sasama sa kanya na may tamang pag iisip. Kaya ginawa niya ang sumusunod: Tinakpan ni Noemi ang kanyang puso at emosyon at hinamon silang dalawa na balikan ang lahat ng kanyang magagawa at sabihin. Nahikayat si Orpa na bumalik dahil ang kanyang puso ay hindi nakatuon sa Dios kundi sa mga makamundong bagay. Siya ay sa pag aasawa lamang at nang ipaliwanag sa kanya ni Noemi na walang posibilidad na mag asawa siya kung siya ay babalik kay Noemi, bumalik siya sa kanyang bayan. Ngunit nagpasiya si Ruth na sumama kay Noemi dahil ang motibo niya ay ang makatabi ang kanyang biyenan na matandang balo at nangangailangan ng tulong nito. Bumalik si Ruth kasama ang kanyang biyenan para alagaan sa pagiging matandang balo nito. Bumalik siya kasama niya sa pagsunod sa Salita ng Dios na nagtuturo sa atin na alagaan ang mga balo sa loob ng pamilya, ***"3 Papurihan mo ang mga babaing bao na tunay na bao. 4 Nguni't kung ang sinomang babaing bao ay may mga anak o mga apo, magsipagaral ang mga ito muna ng pamamahalang may kabanalan sa kanilang sariling sangbahayan, at magsiganti sa kanilang mga magulang: sapagka't ito'y nakalulugod sa paningin ng Dios. 16 Kung ang sinomang babaing nanampalataya ay may inaampong mga babaing bao, ay umabuloy sa kanila, at huwag pabigatan ang iglesia, upang maabuluyan nito ang mga tunay na bao." (1 Timoteo 5:3-4, 16 KJV)*** Si Ruth sa pagiging manugang ni Noemi hindi siya sumunod sa kanyang damdamin na umalis at mag asawa gaya ni Orpa na ginawa ng kanyang bilas, ngunit nagpatuloy siya sa kanyang pag iisip kay Cristo upang tanggapin ang responsibilidad na alagaan si Noemi na isang matandang balo, at nang makita ng Dios ang nasa puso niya ay ginantimpalaan Niya siya at binigyan ng pamilya.

Ang tunay na motibo ni Ruth ay nakita at nanatili patungo sa paggawa ng mabuting layunin ng Dios nang pinigil ni Noemi ang kanyang damdamin at kumilos sa idinidekta ng kanyag isipan na gawin niya. * Ang emosyon ay humadlang sa ating mga pagkaunawa at hindi natin magagawang makilala ang mga bagay. * Sa gayon ding paraan kailangan nating linangin at pahalagahan ang kaisipan ni Cristo upang tayo'y magabayan nang matalino at gumawa ng tamang desisyon at gawin ang tama.

***5. Samuel: "1 At sinabi ng PANGINOON kay Samuel, Hanggang kailan pananangisan mo si Saul yamang aking itinakuwil siya na maging hari sa Israel? Punuin mo ng langis ang iyong sungay, at ikaw ay yumaon, susuguin kita kay Isai na Bethlehemita: sapagka't ako'y naglaan sa kaniyang mga anak ng isang hari." (1 Samuel 16:1 KJV)*** Si Samuel ay mayroong damdamin at emosyon patungo kay Saul at nagpapatuloy na

nanalangin at nanangis sa Dios upang panumbalikin pabalik si Saul sa kanyang tungkulin. Ngunit dahil si Saul ay lubos nang naghimagsik laban sa Dios, nagpasyang kumilos ang Panginoon na gamitin ang ibang tao, si David anak ni Jesse. Nang hinarap si Samuel ang katotohanang ito ng Dios napagtagumpayan niya at pinigil ang kanyang emosyon at damdamin at sumunod sa bagong plano ng Dios; siya'y nauna at pinahiran ang bagong hari. * May mga taong mahal natin at pinahahalagahan natin ngunit ang mga taong iyon kung hindi sila handang magpatuloy sa pagsunod sa Dios at sa Kanyang Salita kung gayon kailangan nating patuloy na sundin ang Dios at sumulong kasama Siya at dapat maging handa na ipadala Niya sa mga bagong tao upang ipagpatuloy ang mabubuting gawa ng Dios kasama nila. * Sa gayon ding paraan, kailangan mong pigilin ang iyong emosyon at damdamin at hayaang maghari ang iyong isipan at may kontrol sa iyong puso at damdamin at sa iba pang bahagi ng iyong katawan, upang masunod mo ang Dios at sumulong kasama ang Kanyang plano at layunin.

***6. Si JesuCristo:*** Makikita natin sa Banal na Kasulatan kung paanong pinigilan ni Cristo ang Kanyang damdamin at kumilos batay sa Salita ng Dios at sa Kanyang kalooban at tinuruan ang mga tao na isantabi ang kanilang mga damdamin habang tinatawag Niya sila upang paglingkuran ang Dios.

***A. "1 At nang ikatlong araw ay nagkaroon ng isang kasalan sa Cana ng Galilea; at naroon ang ina ni Jesus: 2 At inanyayahan din naman si Jesus, at ang kaniyang mga alagad, sa kasalan. 3 At nang magkulang ng alak, ang ina ni Jesus ay nagsabi sa kaniya, Wala silang alak. 4 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Babae, anong pakialam ko sa iyo? ang aking oras ay hindi pa dumarating. 5 Sinabi ng kaniyang ina sa mga alila, Gawin ninyo ang anomang sa inyo'y kaniyang sabihin." (Juan 2:1-5 KJV)*** Si Jesus ay hindi emosyonal sa Kanyang ina. Hindi Niya hinayaan siya na makilaam sa Kanyang ministeryo at itulak Siya na gawin kung anong nais niya. Sa paglilingkod sa Panginoon hindi dapat tayong kumilos at sumabay sa ating damdamin o sa emosyon ng ibang tao. Kailangan nating gawin ang nais ng Dios na gawin natin nang hindi sinusubukang pasiyahin ang mga tao maging sila pa ay napakalapit sa atin.

***B. "59 At sinabi niya sa iba, Sumunod ka sa akin. Datapuwa't siya'y nagsabi, Panginoon, tulutan mo muna akong makauwi at mailibing ko ang aking ama. 60 Datapuwa't sinabi niya sa kaniya, Pabayaan mong ilibing ng mga patay ang kanilang sariling mga patay; datapuwa't yumaon ka at ibalita mo ang kaharian ng Dios." (Lucas 9:59-60 KJV)*** Narito ay tinatawag ni Jesus ang lalaki, ngunit ang taong iyon ay humihingi ng pahintulot na umalis at ilibing ang kanyang ama, ngunit hindi sinang ayunan ng Panginoon siya at sinabi Niya sa kanya na yumaon at ipangaral ang evangelio. Hindi ko sinasabi dito na huwag nating ilibing ang ating mga magulang kung sila'y mamatay, ngunit ang sinusubukan kong sabihin na ang pagtawag ng Dios ay magkakaroon ng pangingibabaw sa iba pang mga bagay sa ating buhay. Ang ating emosyon at kaugnayan sa pamilya ay hindi dapat hadlang sa atin sa paggawa ng mga gawa ng Dios at kalooban ng Dios.

***C. "31 At dumating nga ang kaniyang ina at ang kaniyang mga kapatid; at, palibhasa'y nangakatayo sila sa labas, ay nangagpasugo sila sa kaniya, na siya'y tinatawag.32 At nangakaupo ang isang karamihan sa palibot niya; at sinabi nila sa kaniya, Narito, nangasa labas ang iyong ina at ang iyong mga kapatid na hinahanap ka. 33 At sinagot niya sila, at sinabi, Sino ang aking ina at aking mga kapatid? 34 At paglingap niya sa nangakaupo sa palibot niya, ay sinabi niya, Narito, ang aking ina at aking mga kapatid! 35 Sapagka't sinomang gumaganap ng kalooban ng Dios, ito'y ang aking kapatid na lalake, at aking kapatid na babae, at ina." (Marco 3:31-35 KJV)*** Si Jesus ay hindi kumilos at naging madamdamin nang ang Kanyang ina at mga kapatid ay nasa labas hinahanap Siya. Hindi Niya ginulo ni pinigilan ang Kanyang pagpupulong at lumabas upang salubungin sila. Siya ay lubos na kontrolado ng Kanyang damdamin at ipinahayag nang malinaw. ***"35 Sapagka't sinomang gumaganap ng kalooban ng Dios, ito'y ang aking kapatid na lalake, at aking kapatid na babae, at ina." (Marco 3:35 KJV)*** Ang ating pagibig sa ating mga kapatiran kay Cristo at ang ating pangako sa simbahan at sa ministeryo ay hindi dapat maging mas mataas at matayog sa ating damdamin at pagibig sa ating mga kasapi ng pamilya na hindi kay Cristo.

***7. Si Pedro: "21 Mula ng panahong yao'y nagpasimulang ipinakilala ni Jesus sa kaniyang mga alagad, na kinakailangang siya'y pumaroon sa Jerusalem, at magbata ng maraming bagay sa matatanda at sa mga pangulong saserdote at sa mga eskriba, at siya'y patayin, at muling ibangon sa ikatlong araw. 22 At isinama siya ni Pedro, at nagpasimulang siya'y pinagwikaan, na nagsasabi, Panginoon, malayo ito sa iyo: kailan man ay hindi mangyayari ito sa iyo. 23 Datapuwa't lumingon siya, at sinabi kay Pedro, Lumagay ka sa likuran ko, Satanas: ikaw ay tisod sa akin: sapagka't hindi mo pinagiisip ang mga bagay ng Dios, kundi ang mga bagay ng tao." (Mateo 16:21-23 KJV)*** Hindi tinanggap ni Pedro na si Jesus ay magdurusa at mamatay sa pag uusig sa pamamagitan ng punong saserdote at ng mga eskriba. Mula sa kanyang damdamin tumanggi si Pedro na sumang ayon sa katuparan ng kalooban ng Dios sa buhay ni Jesus. Ngunit sinagot siya ni Jesus nang matigas ***"Lumagay ka sa likuran ko, Satanas."***

Sa kanyang pagpapaunlak sa kanyang damdamin pinaunlakan na ni Pedro ang diablo. Samakatuwid kailangan nating maging maingat kung paano tayo tumugon sa Salita ng Dios, at nang walang emosyon natin. Ang ilang mga oras na hindi mo namamalayan ang tungkol sa iyong mga emosyon na nagtutulak sa iyo nang malakas laban sa ilang mga bagay pagkatapos ay kumikilos ka kasama ng diablo at natutupad ang kanyang kalooban at

layunin. Kaya naman sa mga ganoong sandali ay makikita mo na ang Panginoon ay tapat at lumalapit sa iyo na may pagsaway at pagwawasto upang ikaw ay magising, makalabas mula sa iyong emosyon at sa bitag ng diablo na siyang bumihag sa iyo upang gawin ang kanyang kalooban.

***8. Si Pablo:*** Nang nakatagpo ni Apostol Pablo ang matatanda ng simbahan ng mga Taga Epeso batid niya na hindi na niya sila makakatagpong muli gaya ng sinabi niya sa kanila ang sumusunod: ***"25 At ngayon, narito, nalalaman ko na kayong lahat, na aking nilibot na pinangaralan ng kaharian, ay hindi na ninyo muling makikita pa ang aking mukha." (Mga Gawa 20:25 KJV)*** Ngunit iyon ay hindi pasanin o problema kay Pablo. Ang kanyang isipan at kamalayan ay malinaw sapagkat nakamit na niya at natapos ang kanyang tungkulin sa kanila sa pagpapahayag sa kanila ng buong kalooban ng Dios, ***"26 Kaya nga pinatotohanan ko sa inyo sa araw na ito, na ako'y malinis sa dugo ng lahat ng mga tao. 27 Sapagka't hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo ng buong kapasiyahan ng Dios." (Mga Gawa 20:26-27 KJV)*** Ating isagawa ngayon ang halimbawa ni Pablo sa ating buhay. Nagawa ba natin nang maayos ang ating tungkulin: ipinahayag ba natin ang buong kalooban ng Dios sa mga tao na ating nakakasalamuha Kung 'Hindi', kailangan nating mas pagtuunan ng pansin kung paanong ipahayag sa kanila ang buong kalooban ng Dios dahil ang kanilang dugo ay nasa ating ulo. Ngunit Kung 'Oo', at nagawa natin nang mabuti ang ating tungkulin sa mga tao, hindi dapat nating hayaang mabagabag tayo ng emosyon at damdamin; ***"36 At nang makapagsalita na siya ng gayon, ay nanikluhod siya at nanalanging kasama silang lahat. 37 At silang lahat ay nagsipanangis nang di kawasa, at nangagsiyakap sa leeg ni Pablo at siya'y hinagkan nila. 38 Na ikinahahapis ng lalo sa lahat ang salitang sinabi niya, na hindi na nila makikitang muli pa ang kaniyang mukha. At kanilang inihatid siya sa kaniyang paglalakbay hanggang sa daong." (Mga Gawa 20:36-38 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ating pakinggan ang mensahe na tinanggap natin ngayon mula sa Salita ng Dios. Hayaan ang Salita ng Dios ay ganap na kumilos sa ating buhay at maisakatuparan ang layunin ng Dios sa pagpapadala ng mensaheng ito sa atin: ***"12 Sapagka't ang salita ng Dios ay buhay, at mabisa, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak, at madaling kumilala ng mga pagiisip at mga haka ng puso. 13 At walang anomang nilalang na hindi nahahayag sa kaniyang paningin: nguni't ang lahat ng mga bagay ay hubad at hayag sa harapan ng mga mata niyaong ating pagsusulitan." (Hebreo 4:12-13 KJV)*** * Kailangan nating sundin ang kalooban ng Dios, at hayaang ang Salita ng Dios na kumilos sa ating buhay at humatol at harapin ang ating emosyon at maling hilig na nagdadala sa atin sa maling landas. * Kailangang magbagong isip tayo para walang puwang na maiiwan para sa ating damdamin. * Mga kapatid ko talikuran natin ang ating maling damdamin. Isuko ang iyong maling emosyon at maling pag ibig, ipagtapat at talikdan ang mga ito sa Dios, ang mga ito ay iyong mga kasalanan at kailangan mong pagtagumpayan ang mga ito.
tayo ay manalangin…

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na tinanggap ko ngayon na ipinakitang malinaw sa akin kung paanong ang aking damdamin ay maaring gumanap sa isang negatibong panuntunan sa aking buhay at sa aking ministeryo. Panginoon salamat sa lahat ng mga pagpapala na natanggap ko mula sa iyo. Panginoon salamat sa iyong mga turo, mga pagwawasto, mga pagsaway at mga payo na natanggap ko sa mensaheng ito.*

*Lumapit ngayon sa Dios at magsisi at talikdan ang iyong mga kasalanan. Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong maling damdamin at ang maling desisyon na nagawa batay doon. Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong kamunduhan at ang iyong pagibig para sa mundo at materyal na mga bagay. Magsisi at talikdan ang iyong sariling kalooban at plano. Magsisi at talikdan ang iyong kawalan ng pananalangin at ang iyong kawalan ng pagbabasa ng Salita ng Dios. Magsisi at talikdan ang iyong pakikisama sa hindi mga mananampalataa, kaibigan, at sa pagka alipin sa Media, Mga balita at laro. Magsisi at talikdan ang iyong kawalang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon Ako'y nagsisi patawarin mo ako sa mga sumusunod na mga kasalanan ___________________.*

*Panginoon Ako'y nagsisi sa lahat ng mga damdaming ito patungkol sa mga sumusunod na bagay _________________. Sinasaway ko ang lahat ng mga ito sa pangalan ni Jesus. Panginoon hayaan mong matupad ang iyong Salita sa aking pakikipag ugnayan sa ibang tao upang ang iyong pangalan ay luwalhatiin. Panginoon bigyan mo ako ng pagkilala at pagpipigil sa sarili para hindi ako sumabay sa aking emosyon kundi sundin ang kalooban mo. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na maglingkod sa iyo at sumunod sa iyong plano sa buhay ko.*

*Panginoon salamat sa iyo para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanann at handang isuko ang kanilang makasalanan at hindi makadios na damdamin at handang sundin ang iyong plano at kalooban. Panginoon palakasin sila ng iyong biyaya, at patuloy na maglaan sa kanila at protektahan sila sa gayo'y patuloy silang maglingkod sa iyo.*

*Panginoon tulungan mo kami bilang isang simbahan at gabayan kami ng iyong Banal na Espiritu na patuloy na ipangaral ang iyong Salita at ang iyong kalooban sa mga tao, at turuan sila ng iyong mga landas. Panginoon tulungan kami na patuloy na sanayin ang aming mga kasapi at turuan sila kung paanong mamuhay ng isang buhay na kaaya aya sa iyo at gawin ang iyong kalooban. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng Espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay na magpatuloy at mag evangelio, at gumawa ng mga alagad at magsanay ng mga manggagawa na yumaon at magtanim ng maraming pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakakn upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 47. Pagtagumpayan ang Damdamin Yugto 3. Colosas 3:2. Ruth 1:8-18. I Kay Timoteo 5:3-4, 16. 1 Samuel 16:1. Juan 2:1-5. Lucas 9:59-60. Marcos 3:31-35. Mateo 16:21-23. Mga Gawa 20:25-27, 36-38. Sa Hebreo 4:12-13.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com